Bakuna laban sa *Haemophilus Influenzae* Type b (Hib)

ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

1 Ano ang sakit na Hib?

Ang sakit na *Haemophilus influenzae* type b (Hib) ay isang malubhang sakit na sanhi ng bakterya. Ang karaniwang nagkakaroon nito ay ang mga batang wala pang 5 taong gulang

Ang inyong anak ay maaaring magkaroon ng sakit na Hib sa pamamagitan ng paglapit sa mga bata o matanda na maaaring may bakterya at hindi alam ito. Ang mga mikrobyo ay kumakalat mula sa isang tao tungo sa ibang tao. Kung ang mga mikrobyo ay manatili sa ilong at lalamunan ng bata, ang bata ay malamang na hindi magkasakit. Pero kung minsan ang mga mikrobyo ay pumupunta sa baga o sa daanan ng dugo, at kapag nagkaganoon ay maaaring maging sanhi ng malulubhang problema.

Bago nagkaroon ng bakuna laban sa Hib, ang sakit na Hib ang pangunahing sanhi ng bakteryang meningitis sa mga batang wala pang 5 taong gulang sa Estados Unidos. Ang meningitis ay isang impeksiyon ng utak at mga balot ng gulugod, na maaaring humantong sa tumatagal na pinsala sa utak at pagkabingi. Ang sakit na Hib ay maaari ring maging sanhi ng:

- pulmunya
- matinding pamamaga sa lalamunan, pinahihirap ang paghinga
- mga impeksiyon ng dugo, kasukasuan, buto, at balot ng puso
- kamatayan



Bago nagkaroon ng bakuna laban sa Hib, mga 20,000 bata sa Estados Unidos na wala pang 5 taong gulang ang nagkakaroon ng malubhang sakit na Hib taun-taon at halos 1,000 tao ang namamatay.

Ang bakuna laban sa Hib ay maaaring makapigil sa sakit na Hib. Marami pang bata ang magkakasakit ng Hib kung titigil tayo sa pagbakuna.

2 Sino ang dapat bigyan ng bakuna laban sa Hib at kailan?

Ang mga bata ay dapat bigyan ng bakunang Hib kung:

- ✔ 2 buwan ang edad
- ✔ 4 na buwan ang edad
- ✔ 6 na buwan ang edad*
- ✔ 12-15 buwan ang edad

* Depende sa klase ng bakuna laban sa Hib na ginamit, maaaring hindi kailangan ng inyong anak ang dosis kung 6 na buwan ang kanyang edad. Sasabihin ng inyong doktor o nars kung kailangan ang dosis na ito.

Kung may dosis kayong hindi nakuha o nahuli sa iskedyul, kumuha ng susunod na dosis sa lalong madaling panahon. Hindi kailangang magsimulang muli.

Ang bakuna laban sa Hib ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

Mga Mas Matandang Bata o May Sapat na Gulang

Ang mga batang mahigit sa 5 taong gulang ay karaniwang hindi nangangailangan ng bakuna laban sa Hib. Pero may mga mas matandang bata o may sapat na gulang na may mga espesyal na kondisyon ng kalusugan ang dapat tumanggap nito. Sa mga kondisyong ito ay kabilang ang sakit sa dugo na hubog-karit na selula, HIV/AIDS, pagtanggal ng pali, paglipat-pagtatanim ng utak o "marrow" ng buto, o paggamot ng kanser sa pamamagitan ng mga droga. Itanong ang mga detalye sa inyong doktor o nars.

3 May mga tao na hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa Hib o dapat maghintay

- Ang mga taong nanganib ang buhay dahil sa reaksiyong alerhiya sa naunang dosis ng bakuna laban sa Hib ay hindi dapat bigyan ng isa pang dosis.
- Ang mga batang wala pang 6 na linggo ang edad ay hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa Hib.
- Ang mga taong may kainaman o malubhang sakit sa oras na nakaiskedyul ang bakuna ay dapat maghintay hanggang sa gumaling bago bigyan ng bakuna laban sa Hib.

Magtanong sa inyong doktor o nars para sa karagdagang impormasyon.

4 Ano ang mga panganib mula sa bakuna laban sa Hib?

Ang bakuna, tulad ng ibang gamot, ay maaaring maging sanhi ng mabibigat na problema, tulad ng malulubhang reaksiyong alerhiya. Napakaliit ng panganib na ang bakuna laban sa Hib ay maging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan.

Karamihan sa mga taong binigyan ng bakuna laban sa Hib ay hindi nagkakaroon ng anumang problema rito.

Magagaan na problema

- Pamumula, init, o pamamaga ng lugar na binakunahan (hanggang ¨ ng mga bata)
- Lagnat na mahigit sa 101 °F (maaaring 1 sa 20 bata)

Kung may ganitong problema, karaniwang nagsisimula ang mga ito isang araw pagkatapos ng pagbakuna. Ang mga ito ay maaaring tumagal ng 2-3 araw.

5 Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong tingnan?

Anumang hindi pangkaraniwang kondisyon, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya, mataas na lagnat o pagbabago ng ugali. Sa mga tanda ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o pagsingasing, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkaraan ng pagbakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor, o dalhin kaagad ang may-sakit sa doktor.
- Sabihin sa inyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa inyong doktor, nars o kagawaran ng kalusugan na magharap ng form ng (Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna) Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS), o tumawag kayo mismo sa VAERS sa **1-800-822-7967.**

6 Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna

Sa bihirang pagkakataon na kayo o ang inyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa isang bakuna, isang pederal na programa ang nilikha upang tulungan kayong bayaran ang pangangalaga sa mga napinsala.

Para sa mga detalye tungkol sa (Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna) National Vaccine Injury Compensation Program, tumawag sa **1-800-338-2382** o bisitahin ang website ng programa sa http://www.hrsa.gov/osp/vicp/

7 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Magtanong sa inyong doktor o nars. Maaari silang magbigay ng paketeng paningit tungkol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang programa sa imyunisasyon ng inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Kontakin ang (Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit) Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Call 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)
  - Bisitahin ang website ng (Pambansang Programang Imyunisasyon) National Immunization Program sa **http://www.cdc.gov/nip**

U.S. DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention
National Immunization Program

Vaccine Information Statement
Hib IMM 664-ML Tagalog (12/16/98) 42 U.S.C. § 300aa-26

Translated by Transcend Translations, Davis, CA